Advisory Blg. 161, s. 2017
Hulyo 12, 2017
Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
ang *Advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001,
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal
at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan.
(Visit *www.deped.gov.ph*)

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP PARA SA MGA GURO NG FILIPINO
SA IBA'T IBANG ANTAS NG *UNIVERSITY OF ASIA AND THE PACIFIC*

Ang *University of Asia and the Pacific (UA&P)* ay magdaraos ng Pambansang Seminar-Worksyap Para sa Mga Guro ng Filipino na may temang *Sungbat, Tugon, Tubag: Pagdulog sa Iba't Ibang Disiplina at Larangan Gamit ang Filipino* na gaganapin mula Oktubre 5 hanggang 7, 2017 sa UA&P, Ortigas, Lungsod Pasig.

Layunin ng Seminar-Worksyap na malinang sa mga dadalo ang mga sumusunod:

1. pagtukoy ng iba't ibang dulog na kailangan sa espisipikong disiplina at larangan gamit ang Filipino;
2. pag-unawa sa mga metodo at estratehiya sa pagtuturo ng Filipino gamit ang *Spiral Approach*;
3. pagbuo ng mga araling pansining ng Sabayang Bigkas, pagsulat ng maikling kwentong pambata, dula, at pagsasalin;
4. paggamit ng wikang Filipino sa iba't ibang disiplina tulad ng pelikula, etnograpiya, at pilosopiya; at
5. pagpapahalaga sa iba't ibang tugon ng mga kasalukuyang pangangailangan ng pagtuturo at pagkatuto na/sa Filipino sa iba't ibang kurikulum.

Ang mga inaasahang dadalo sa komperensiyang ito ay ang mga guro sa Filipino sa elementarya, hayskul at kolehiyo mula sa iba't ibang panig ng bansa, mga mag-aaral sa antas di-gradwado at gradwado na nagpapakadalubhasa sa wika o panitikang Filipino o anumang kaugnay na larang, mga manunulat, tagasalin, mananaliksik at iba pang iskolar sa Filipino, at mga tagapamahala at kawani ng mga ahensyang nauugnay sa Filipino.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan kay:

Prof. Moreal N. Camba
University of Asia and the Pacific (UA&P)
Tagapangulo, Departamento ng Filipino
Pearl Drive, Ortigas Center
Lungsod Pasig
Telepono: (02) 637-0912 hanggang 26
Mobile: 0915-626-0701
Email: moreal.camba@uap.asia